# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 29, 2024, LUNES, IKA-09:20 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 14 FEB 2024 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME mai DATE 02/15/24 TIME ______ STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 047-T2024**

**KAPASIYAHANG KINIKILALA AT PINAHAHALAGAHAN ANG NAGING POOK-PIITAN NI TEODORA ALONSO, INA NI DR. JOSE RIZAL, AT ANG PAGPAPATAYO RITO NG ISANG MAKASAYSAYANG PANANDA BILANG PAGGUNITA SA MGA MAKAHULUNGANG PANGYAYARI SA BAYAN NG SANTA CRUZ NOONG PANAHON NG KOLONYALISMO.**

**SAPAGKAT**, tungkulin ng Pamahalaan na palawigin ang kaalaman at tuwirin ang katotohanan ng kasaysayan ng bayan, nasyunal o lokal; bantayan at pangalagaan ang mga kayamanang pangkultura na magpapalakas sa nasyunalismo ng mga mamamayan, pagmamahal sa bayan, paggalang sa alaala ng mga bayani, at pag-ibayuhin ang pagkakaisa sa harap ng pagkakaiba ng gawi, tradisyon, at katutubong wika;

**SAPAGKAT,** ang alaala ng pagkakapiit ni Teodora Alonso sa lugar na ito ay nagbibigay-kaliwanagan sa nakaraan, tradisyon at pagkakakilanlan na dulot ng kasaysayan na maaring isalin sa mga darating pang henerasyon, kaya nararapat na magtayo ng panandang pang-alaala rito;

**SAPAGKAT**, nasasaad sa Seksyon 14, 15, 16 at 17, Artikulo XIV ng Saligang Batas ng taong 1987 na dapat pangasiwaan ng Estado ang pangangalaga, pagpapayaman at makabuluhang ebolusyon ng Kulturang Pilipino base sa prinsipyo ng pagkakaisa sa harap ng pagkakaiba sa malayang lipunan;

**SAPAGKAT**; nasasaad sa Batas Republika 10066-National Cultural Heritage Act, na dapat protektahan at alagaan ng Pamahalaan ang mga pamana ng lahi, kasaysayan, at katutubong yaman ng lokal na lipunan;

**SAPAGKAT**, bilang Ina, hinubog ni Teodora Alonso ang kamalayan ng ating Pambansang Bayaning si Jose Rizal;

**SAPAGKAT**, si Teodora Alonso ay kinasuhan ng tangkang paglason sa asawa ng kanyang kapatid na si Jose Alberto noong 1872 na naging dahilan upang siya'y paglakarin nang 50 kilometro mula Calamba hanggang Santa Cruz, Laguna,na dito siya ay ibinilanggo nang dalawa at kalahating taon nang walang paglilitis;

**SAPAGKAT,** muling dinakip si Teodora Alonso noong 1891 dahil sa hindi niya paggamit ng apelyidong "Realonda de Rizal" kaya't siya'y muling pinaglakad nang may 90 kilometro mula Maynila hanggang Santa Cruz, Laguna;

**SAPAGKAT**, si Teodora Alonso noon na halos 64 taong gulang ay nabubulag na dahil sa katarata kaya't pagdating sa Santa Cruz ay agad siyang pinalaya ng naawang Gobernador ng Laguna;

**SAPAGKAT,** makikita pa ang ilang orihinal na bahagi ng karsel na nasa Pamilihang Bayan hanggang taong 2020s;

**SAPAGKAT,** sa pakikipag-ugnayan at tulong mula sa National Historical Commission of the Philippines (NHCP) at Pamahalaang Panlalawigan ng Laguna, ang pamahalaang lokal ng Santa Cruz ay maglalagay ng makasaysayang pananda ( Historical Marker) sa naging piitan ni Teodora Alonso gayundin ay mapabilang ito na isang destinasyon ng Pangkasaysayang Edukasyon;

**SAPAGKA'T**, batay sa Kautusang Bayan Blg. 017-T2019, kinikilala ang mga makasaysayan at minanang kultura, kasama ang mga lugar, tao, gamit at pag-aari ng pamahalaan, nakikita man o hindi, na sumasakop sa bayan ng Santa Cruz, Laguna upang magsilbing buhay na kasaysayan sa paglipas ng panahon.

02132407

**KUNG KAYA'T DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Mark Anthony M. Juangco (Tagapamuno ng Lupon sa Turismo), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Alan T. Pamatmat at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Kilalanin at pahalagahan ang naging Pook-Piitan ni Teodora Alonso, Ina ni Dr. Jose Rizal, at ang pagpapatayo rito ng isang Makasaysayang Pananda (Historical Marker) bilang paggunita sa mga makahulugang pangyayari sa bayan ng Santa Cruz noong panahon ng Kolonyalismo.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Administrador, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Pambayang Inhinyero, Pambayang Lupon sa Turismo, Kultura at Sining, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal, Laguna Provincial, Culture, Arts and Trade Office, National Commission for Culture and the Arts, National Historical Commission of the Philippines, at mga may kinalaman, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 29, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

2/13/24
**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan